

1

Napahikab si Kirsten habang nakasakay sa taxi pauwi. So much for her first date after some years.

Her last date before tonight ay noong bago pa siya magtungo sa Amerika para mag-aral. Pagdating doon, ang pag-aaral na ang pinagtuunan niya ng pansin.

Wala pang isang linggo magbuhat nang siya ay bumalik dito sa Pilipinas. At hindi niya inaasahan na may mag-aalok na sa kanya ng date. At lalong hindi niya inaasahang si Norman Salazar ang gagawa niyon.

Inalok siya ng kanyang date na ihatid siya pauwi. But she insisted on taking a cab instead. Nagpasalamat siya nang hindi na ito nagpumilit pa. Ang lalaki na lamang ang pumara ng taxi para sa kanya.

Hindi niya alam kung dapat ikatuwa o ikainis ang tila napakalaking interes na ipinakikita nito para sa kanya. Maaaring guwapo ito, pero hindi niya makapa sa damdamin ang attraction para rito. Kaya nga minabuti na niyang sabihin na hanggang

pakikipagkaibigan lang ang maibibigay niya rito.

Sa huling pakikipagkamay ni Norman sa kanya kanina ay biglang nakaramdam ng kaba si Kirsten at hindi niya mawari kung bakit. Nang tingnan niya ang mukha nito kanina ay parang may ibang kahulugan ang ngiti nito sa kanya.

Napabuntong-hininga siya.

Guni-guni ko lang siguro 'yon, aniya sa isip. Inihilig niya ang ulo sa sandalan ng backseat ng taxi at ipinikit ang mga mata habang binabaybay nila ang kahabaan ng expressway.

Iniiisip niyang marahil ay daratnan na niya ang mga magulang sa bahay. Malamang ay nag-aalala na ang mga ito para sa kanya. Hindi niya nakausap ang matatanda kanina para magpaalam dahil dumalo ang mga ito sa birthday ng isang kakilala. Palibhasa ay kailan lang bumuti-buti ang kalusugan ng kanyang ama dahil sa sakit sa puso kaya siguro masyadong na-excite ang mga ito na um-attend ng party. Pinasyalan niya ang isang kaibigan kaya hindi siya nakasama sa pagtitipon.

Napamulat si Kirsten nang maramdaman niyang biglang huminto ang taxi na sinasakyan niya. Napatingin siya sa labas ng sasakyan. Nasa

kalagitnaan sila ng expressway.

“Mama, bakit ho?” takang tanong niya sa driver.

“Ma’am, m-may van hong biglang humarang sa atin,” kabadong saad nito.

“Ha!” gulat na bulalas niya.

Ibinaling niya ang tingin sa kalsada at nakita nga niya ang pulang van na nakaharang sa daraanan nila.

Biglang umahon ang matinding kaba sa dibdib ng dalaga. Lalo na nang makita niyang bumaba ang tatlong lalaki mula sa loob ng van. Lumakad ang mga ito papalapit sa taxi. Pare-parehong nakasuot ng itim na leather jacket ang mga ito—pawang matatangkad at malalaki ang katawan.

Isang lalaki ang nagbantay sa likuran ng taxi at tinitingnan ang mga sasakyang paparating. Ang isa naman ay tumabi sa pinto ng backseat kung saan siya nakaupo. Samantalang ang huli ay kumatok sa salamin sa tapat ng driver seat. Atubili ang driver na pagbuksan ang lalaki sa labas, subalit tinutukan ito ng baril kaya takot na sumunod.

“Manong, kailangan lang ho naming isama ang sakay n’yong babae,” mahinahon ngunit

maawtoridad ang boses na sabi nito. “Huwag kayong mag-alala, basta’t sumunod kayo sa amin, hindi kayo masasaktan.”

“Mama! Huwag po kayong susunod sa kanila!” pakiusap ni Kirsten na nanginginig na sa sobrang takot.

Tumingin sa kanya ang driver. Bakas sa mukha nito ang matinding takot at kawalan ng magawa nang magsalita. “Ma’am, pasensya na po, pero ayoko hong madamay kung may problema man kayo sa kanila. May asawa’t mga anak po akong umaasa sa ’kin,” malungkot na sabi nito.

“Mama, hindi ko ho sila kilala! Parang awa n’yo na, tulungan ninyo po ako!” nagmamakaawang saad niya. Abut-abot ang kabog ng kanyang dibdib.

“Hoy, tanda!” singit ng lalaking nakaitim. “Kapag hindi ka sumunod, mawawalan ng ama ang mga anak mo. Isang maling kilos mo, patay ka sa akin.”

Nahintakutan naman ang driver, lalo pa nang idikit ng lalaki ang nguso ng baril sa sintido nito. Nanginginig ang kamay na binuksan nito ang automatic lock kahit ano pang pagtutol ang gawin ni Kirsten. Kaagad binuksan ng lalaking nasa

labas ang pinto sa tabi niya at hinawakan siya sa braso. Nagpupumiglas siya subalit mahigpit ang pagkakahawak nito sa kanya.

“Sino kayo? At saan n’yo ako dadalhin?” Naghihisterya na siya dala ng matinding takot.

“Miss, sumama ka na lang sa ’min nang maayos para hindi ka masaktan,” anang lalaking may hawak sa kanya habang hinihila siya.

Pero patuloy pa rin siya sa pagpupumiglas. “Hindi! Saklolo! Tulungan n’yo po ak—”

Mabilis na tinakpan nito ang ilong at bibig niya ng isang panyo. Nalanghap niya ang kung anumang chemical na naroon.

Unti-unting pinanawan ng ulirat ang dalaga at tuluyan nang nawalan ng malay.

Nang magising si Kirsten ay natagpuan niya ang sariling nakahiga sa isang malapad at malambot na kama. Nasa loob na siya ng isang magarang silid; hindi iyon ang kuwarto niya sa bahay nila. Naguguluhang bumangon siya at umupo sa kama, pilit niyang inaalala ang mga nangyari nang nagdaang gabi. Nang mahagip sa isip niya ang mga

eksena sa expressway ay muli siyang nilukob ng matinding takot.

Diyos ko... saang lugar ba nila ako dinala?

Iginala niya ang paningin sa loob ng silid. Tanging ang liwanag na nagmumula sa nakabukas na lampshade ang bumabaha sa paligid.

Dali-dali siyang bumaba ng kama at tumingin sa labas ng bintana; madilim pa. Tiningnan niya ang oras sa kanyang relo; mag-a-alas-dos na ng madaling-araw. Tinakbo niya ang pinto; sinubukang buksan pero naka-lock iyon. Ang mga bintana naman ang tiningnan niya, nagbabakasakaling maaaring siyang dumaan doon upang makatakas. Subalit may mga rehas na bakal ang mga iyon at imposibleng mapagkasya niya ang katawan sa napakakitid na siwang sa pagitan ng mga iyon .

Napaiyak siya. She felt helpless and scared.

Diyos ko! Tulungan N'yo po ako... usal niya habang patuloy sa pag-iyak.

Nanlalambot na napaupo siya sa sahig at isinubsob ang mukha sa kama saka humagulhol ng iyak. Ano ang gagawin niya?

Mayamaya ay may narinig siyang mga yabag

Sa Piling Ng Estranghero - Carmen Mirafior

sa labas ng silid. Saglit siyang napatigil sa pag-iyak. Nag-angat siya ng mukha at napatingin sa nakasarang pinto. Papalapit ang mga yabag na iyon sa silid na kinaroroonan niya.

Dali-dali siyang tumayo at naghanap ng pangdependa sa sarili. Nahagip ng tingin niya ang lampshade sa ibabaw ng bedside table. Binunot niya mula sa saksakan ang plug niyon bago binitbit ang ilawan saka lumakad nang walang-ingay papalapit sa pinto. Pumuwesto siya sa gilid.

Madilim sa loob ng silid kaya kung sinuman ang papasok ay hindi siya kaagad makikita. May nagbukas ng lock sa labas ng pinto at dahan-dahang pinihit ang knob. Pagkabukas ng pinto ay pumasok ang isang lalaki. Kinapa nito ang switch ng ilaw sa dingding. Hindi na hinintay ng dalaga na mabuksan pa nito ang ilaw. Buong-lakas na inihampas niya sa ulo ng bagong dating ang lampshade. Kaagad na nalugmok sa sahig ang lalaki.

Binitawan ni Kirsten ang nabasag na lampshade at nagmamadaling lumabas ng silid. Hindi na siya nag-aksaya ng oras para hanapin pa ang kanyang sapatos. Nakayapak siyang naglakad sa mahaba at madilim na pasilyo. Wala ni isang ilaw na nakabukas sa kahabaan niyon kaya hindi niya masyadong

Sa Piling Ng Estranghero - Carmen Mirafior

maaninag ang daan. Ilang beses siyang nadulas at muntik nang madapa pero hindi niya iyon ininda. Ang tanging nasa isip lamang niya ay ang makalabas sa bahay na iyon sa lalong madaling panahon.

Mabilis ang kanyang mga hakbang habang pababa ng hagdanan. Napansin niyang nakabukas ang ilaw sa sala, at may naririnig siyang boses ng mga lalaking nag-uusap. Mabilis siyang nagkubli. Bahagya siyang sumilip upang makita ang mga mukha ng mga ito. Nakita niya ang dalawang lalaking may hawak na armas, nakatayo ang mga ito sa harapan ng isang lalaking nakaupo sa single sofa. Hindi niya makita ang mukha nito dahil nakatalikod ito mula sa kanyang pinagkukublihan. Kinakausap nito ang dalawang lalaki.

Tahimik siyang gumapang sa sahig patungo sa sliding door sa kabilang dulo ng pasilyo upang hindi makita ng mga ito. Laking pasasalamat niya dahil hindi naka-lock ang pinto. Maingat niya iyong binuksan at pinilit na hindi makagawa ng anumang ingay habang lumalabas.

Bumungad sa kanya ang malawak na balcony. Lumapit siya sa gilid niyon at bahagyang dumungaw sa ibaba. Isang lalaki lamang ang nakita niyang nagbabantay sa labas at medyo inaantok pa yata ito

dahil panay ang hikab habang nakaupo sa silya isang dipa ang layo mula sa pinto. Hindi siya maaaring tumalon mula roon, dahil bukod sa mataas ang kanyang kinalalagyan, makikita siya kaagad ng bantay.

Kailangan niyang makahanap ng ibang daan. Minsan pa niyang nilinga ang buong paligid. Humakbang siya patungo sa kanang bahagi ng balcony. May napansin siyang makitid na pasilyo patungo sa likod ng bahay. Binaybay niya iyon hanggang dulo; may maliit na gate na nakaharang doon. Sinubukan niya itong buksan subalit naka-lock iyon.

Umikot muli ang mga mata niya. May nakita siyang puno na nakatayo malapit sa bahay. Ang ilang sanga niyon ay halos dumikit na sa dingding ng bahay magingsabarandilyang balcony ng kinatatayuanniya. Kahit madilim ay pilit inaaninag ni Kirsten ang mga sanga ng puno na maaari niyang kapitan pababa. Hindi na siya nag-isip. Itinaas niya ang isang paa sa barandilya at pilit inabot ang isang sanga. Mahigpit siyang nangunyapit doon, itinuntong ang isa pang paa sa barandilya saka tumalon. Kumakabog ang dibdib niya habang itinuntong ang mga paa sa mas mababang sanga. Kahit kinakabahan, nilakasan niya ang loob. Binitawan niya ang hawak na sanga,

inabot niya muna ang isang mas mababang sanga saka nagpatihulog. Kaunti na lamang ang layo ng lupa mula roon. Bumitaw na siya sa sanga. Napausal siya ng pasasalamat nang tuluyan na siyang makababa. Tumakbo siya patungo sa likod ng malalagong halaman.

Nagulat si Kirsten nang biglang bumukas ang ilaw sa itaas ng balcony. Malamang natuklasan na ng mga bumihag sa kanya na wala siya sa loob ng silid. Mabilis siyang tumakbo palayo.

“Hanapin n’yo! Hindi pa iyon nakakalayo!” dinig niyang sigaw ng isang lalaki mula sa balcony.

Isang masukal at napakadilim na kakahuyan ang napasukan ni Kirsten. Wala siyang makitang daan dahil bukod sa madilim na, matataas at makakapal ang damo sa paligid. Pinilit niyang makalusot mula roon, walang pakialam kahit nagkasugat-sugat ang kanyang mga paa dahil sa kung anu-anong matatalim na bagay na natatapan niya.

Hindi na rin niya ininda ang hapdi ng kanyang mga sugat sa katawan, gawa ng mga damong sumasagi sa balat niya. Hindi siya tumitigil sa mabilis na pagtakbo.

Ilang minuto siyang sumuong sa talahiban bago siya tuluyang nakalampas doon. Mayamaya ay napansin niya ang tunog ng mga nag-uusap na lalaki at mga damong tinatapakan.

“Doon kayo maghanap, dito kami,” anang tinig. Iyon ang tinig ng leader ng grupong dumakip sa kanya.

Napasinghap si Kirsten, lalong binilisan ang kanyang mga hakbang. Wala na siyang pakialam kahit ilang beses siyang nadapa o kung ilang ulit siyang tumama sa malalaking trunks ng mga puno. Mapuno man ng mga pasa ang buo niyang katawan, hindi na niya inintindi. Ang mahalaga ay makatakas siya mula sa mga taong iyon.

Medyo matarik na ang lupang tinatahak niya. Humahawak siya sa katawan at sanga ng mga punong-kahoy na nadaraan niya para hindi siya gumulong sa pababa.

Wala nang matataas na damo sa parteng iyon kaya naging mas madali para sa dalaga ang pagtakbo nang matulin. Nang maramdaman ng kanyang mga paa na medyo mamasa-masa ang lupa, tumigil siya sa pagtakbo at maingat na naglakad. Mahigpit siyang napakapit sa isang sanga nang minsang madulas siya. Napigilan niyon ang tuluyang pagdausdos niya.

Tila naging manhid na ang mga kalamnan niya sa paa kaya parang hindi na naramdaman niyon ang mga naapakang kung anu-anong matutulis na bagay.

“Bilisan n’yo ang kilos, Douglas, Gaspar! Kailangan nating mahanap ang babaeng ’yon at ibalik sa resthouse. Kung hindi, malalagot tayo kay Boss!” anang pinaka-leader sa tatlong kalalakihang naghahanap kay Kirsten.

Manggagalaiti tiyak sa galit ang amo nila kapag nalaman nitong nakatakas mula sa kuwarto ang dalaga. Masama pa naman itong magalit. Baka hindi na sila buhayin nito kapag nalaman ang kapalpakan nila.

Pinasok nila ang madilim na kakahuyan. Sa hula nila ay doon pumasok ang dalaga. “Boss Mario! Dito po!” tawag pansin ng isang lalaki sa leader ng grupo.

Lumapit ang tinawag na Mario. “Bakit, Douglas, may nakita ka ba?” tanong nito.

Itinuro nito ang mga bakas ng dugo sa mga nahahawing damo pati na rin sa lupa. Kitang-kita nila iyon dahil sa liwanag ng flashlights na dala nila.

“Boss, dito siya dumaan,” konklusyon ni Douglas.

“Malamang,” sagot ni Mario at hinarap ang isa pa nilang kasama. “Halina kayo! Sundan natin ang mga bakas ng dugo na ito.”

Mabilis silang sumuot sa makakapal na damong dinaanan ni Kirsten kanina. Halos nakakasiguro na silang mahahanap din nila ito at maibabalik sa amo nila. Hindi kabisado ng dalaga ang lugar kaya malamang ay naligaw na ito sa loob ng masukal at madilim na kakahuyan.

Patuloy si Kirsten sa paglalakad-takbo sa kabila ng mga sugat na natamo niya sa katawan. Ginamit niya ang liwanag ng buwan para maaninag ang dinaraan.

Napatili siya nang biglang gumulong ang batong naapakan niya. Bumagsak siya sa lupa at gumulong pababa.

Diyos ko po, iligtas Mo po ako! dasal niya nang maisip na bangin ang tinatahak niya.

Iniiikot niya ang sarili padapa sa lupa, itinaas ang mga kamay at pilit naghahanap ng makakapitan. May nahagip siyang malaking ugat ng puno na

Sa Piling Ng Estranghero - Carmen Miraflor

nakatayo sa gilid ng daan. Mahigpit siyang kumapit doon. Pinilit niyang tatagan ang kamay kahit nanakit na iyon at nanginginig na ang lahat ng kanyang kalamnan.

Diyos ko, tulungan N'yo po ako! Hiram sa luha ang mukha niya.

Tumingin si Kirsten sa ibaba. Sa kabila ng kadiliman ng buong paligid ay may naaaninag siyang kalsada roon. Tinantya niya kung gaano katarik ang bangin.

Sa tingin niya, may anim na talampakan lamang ang taas ng kinalalagyan niya. Kung tatalon siya mula roon, tiyak na mababalian siya ng buto at malamang na hindi siya mabuhay kung di man ay di na makalakad pang muli.

Sinubukan niyang unti-unting magpadulas sa bangin habang nakakapit sa isang tila baging na nahatak niya. Pinilit niyang tatagan ang mga hita, nakatukod sa lupa ang kanyang mga paa upang ma-control niya ang pagdausdos. Nagpasalamat siyang marunong siya kahit kaunti ng rappeling. Pagtingin niya muli sa ibaba ay napansin niyang malapit na siya sa mismong lupa. Dulo na rin ng baging ang hawak niya kaya bumitaw na siya at nagpatihulog na lamang.

Napadaing siya sa sakit nang unang bumagsak ang mga paa niya. Noon lang niya na-realize na may sugat siya sa kaliwang talampakan.

Umupo siya at tiningnan iyon.

“God...” humihikbing sabi ni Kirsten, habang tinatangal ang maliliit na batong nakapasok sa malalim na sugat.

Gusto niyang umiyak pero alam niyang walang maitutulong iyon sa kanyang sitwasyon ngayon. Maaaring maabutan siya ng mga humahabol sa kanya anumang oras.

Tumayo siya at nagsimulang maglakad sa madilim na kalsada. Wala siyang makitang poste ng ilaw sa tabi niyon, tanging ang liwanag na nagmumula sa buwan ang kanyang tanglaw. Umaasa siyang sana ay may sasakyang mapapadaan doon para makahingi siya ng tulong.

Ngunit hindi pa man siya nakakalayo ay may naririnig siyang boses na nagmumula sa itaas ng bangin na pinanggalingan niya. Tiningala niya iyon. Nakita niya ang mga liwanag ng flashlights na dala ng mga lalaking naghahanap sa kanya.

Muling sumalakay ang takot sa kanyang dibdib. Mabilis siyang tumabi sa gilid para hindi siya makita

ng mga ito.

“Boss! Parang may mga bakas ng paa sa putik dito. Parang nakababa na ang babae sa kalsada!” sigaw ng isa sa mga ito.

“Sige, Gaspar, mauna kang bumaba at tiyakin mo kung nandoon nga ang babae,” utos ni Mario.

“Areglado!” Dali-dali itong bumaba habang kumakapit sa mga ugat ng puno.

Nagpa-panic na si Kirsten. Mahuhuli na siya ng mga ito!

Napapitlag siya nang may narinig na ugong ng paparating na sasakyan. Muli siyang nabuhayan ng loob. Inipon niya ang natitira niyang lakas saka siya tumakbo kahit paika-ika. Balak niyang salubungin ang sasakyan na paparating at humingi ng saklolo rito. Pumagitna siya sa kalsada at itinaas ang mga kamay.

“Hayun siya, Boss!” sigaw ni Gaspar nang makita siya. Nagmamadali itong bumaba para habulin siya.

“Dalian mo, habulin mo na!” utos ni Mario na nasa itaas ng bangin. Nagmamadali rin itong bumaba kasama si Douglas para tumulong sa paghahabol sa kanya.

Sa Piling Ng Estranghero - Carmen Mirafior

Paparating na ang sasakyan. Nanghihina na ang dalaga at halos bumibigay na ang mga tuhod niya pero nagpatuloy pa rin siya sa pagtakbo papasalubong sa kotse. Isang dipa na lang at maaabutan na siya ni Gaspar.

Biglang pumreno ang sasakyan sa harapan niya mismo. Natumba siya at nawalan ng malay-tao.

2

Nagmamadaling bumaba ng sasakyan si Samuel at nilapitan ang babaeng natumba sa harapan ng kanyang kotse. Ang akala niya noong una ay nasagasaan na niya ito. Nang makalapit ay nakita niyang malayo ang binagsakan nito sa harapan ng kotse niya. Mabuti na lang at nakapreno siya kaagad.

Sa pamamagitan ng liwanag ng nagmumula sa headlights ng kanyang kotse ay nakita niya ang mga galos sa braso at binti ng dalaga. May kaunting galos din ang magandang mukha nito at puno ng dumi ang damit at katawan.

Mabilis niyang pinangko ang estranghera. Kailangang madala ito kaagad sa ospital.

“Sir! Sandali lang!” tawag-pansin sa kanya ng isang lalaki nang akma niyang ipapasok sa kotse ang babae.

Napatigil siya at tiningnan ang lalaking tumawag sa kanya. Inihiga muna niya sa backseat ang babae bago ito hinarap. “Bakit? May kailangan ka ba?”

“Pasensya na ho kung naabala kayo. Syota ko ho kasi iyang babaeng pinasok ninyo sa kotse n’yo,”

anito.

Nangunot ang noo ni Samuel. Tila pamilyar sa kanya ang boses ng lalaki. At para ring ayaw niyang maniwala sa sinabi nito. Nagdududa siyang may masamang balak ito sa dalaga at tumatakas dito kaya nagtatakbo sa gitna ng daan. Iyon din marahil ang dahilan kaya puno ng sugat ang katawan nito.

Tinitigan niya ang kausap. Bahagya niyang naaninag ang mukha nito. Biglang dumilim ang kanyang anyo nang mapagsino ang kaharap.

“Talaga, Gaspar?” sarkastikong tanong niya.

Natilihan ang lalaki. “K-kilala n’yo ho ako?” gulat nitong tanong.

“Siyempre.” His voice was deep and dangerous. Nilapitan niya ito at kinuwelyuhan. “Bakit hindi mo ako titigan at nang makilala mo ’ko, Gaspar?” Nakatiim ang mga bagang niya. Abut-abot ang kanyang pagpipigil sa umaahong galit sa dibdib.

Nanlaki ang mga mata nito nang makilala siya. “S-Sir Samuel, k-kayo ho ba iyan?” Halos hindi niya marinig ang mga salitang lumabas sa bibig nito.

Nakaramdam ng matinding takot si Gaspar nang makita ang galit na bumabakas sa mukha ng binata.

Si Samuel ay ang nakatatandang kapatid ng amo nito. They knew him as a very kind-hearted person. Pero alam din nilang masama siyang kaaway. Maging ang kanilang amo na kapatid ni Samuel ay malaki ang takot dito.

“Right,” sagot niya.

Binitawan niya ang namumutlang lalaki at muntik pa itong matumba dahil nawalan ito ng balanse. “At sino ang babaeng ito, Gaspar? Ano’ng ginawa n’yo sa kanya?” tukoy niya sa dalagang walang malay-tao. “Kagagawan na naman ’to ng walanghiya mong amo, tama ba ako?” parang kulog na dumadagundong ang boses niya. Lalo tuloy itong namutla sa takot.

Hindi makaapuhap ng sasabihin ang lalaki. Hindi nito alam kung sasabihin ang totoo o paninindigan ang pagsisinungaling.

“Puñeta! Kailangan ko pa bang hilahin iyang dila mo bago ka magsalita?” aniya. Tuluyan nang kumawala ang tinitimpi niyang galit.

“K- kuwan, Sir, n-napag-utusan lang po kami ni Boss—”

Hindi na naituloy ni Gaspar ang sinasabi dahil hindi na ito pinatapos ng binata.

“Puwes, sabihin mo sa kanya na nasa akin ang babaeng pinahahabol niya. At sabihin mo rin sa kanya na kailangan ko siyang makausap, naintindihan mo?” Hindi siya sumisigaw, pero nakita marahil nito sa mukha niya ang matinding galit.

“O-opo,” nauutal na sagot nito.

Tinalikuran na ito ni Samuel. Pumasok siya sa kotse at mabilis na pinatakbo iyon papalayo.

Pagkaalis ng kotse ni Samuel ay nagmamadaling nilapitan nina Mario at Douglas si Gaspar na nanatili pa ring nakatayo sa tabi ng daan.

“Ano ang nangyari sa ’yo? Bakit hindi mo binawi ang babae?” galit na tanong ni Mario sa natutulalang lalaki.

“Hindi n’yo ba nakilala kung sino iyon?” tanong ni Gaspar na hindi pa rin nakakabawi.

“Tarantado! Paano namin makikilala, ang layulayo namin ni Douglas!” galit na sagot nito.

“Bakit, pare, sino ba ’yon?” usisa ni Douglas.

“Si Sir Samuel,” sagot ni Gaspar.

“Ano!” halos magkasabay na bulalas ng dalawang

lalaki.

“Put—!” malakas na mura ni Mario. “Papaano na ngayon ’yan? Lalong magagalit sa ’tin si Boss pag nalaman niyang nasa mga kamay ni Sir Samuel ang babae. Tiyak na kakatayin tayo isa-isa n’on!” Galit at pag-aalala ang rumehistro sa mukha ng leader ng tatlo. Hindi nila alam kung papaano sasabihin sa amo ang mga pangyayari.

“Gerald, ihanda mo ang yate. Kailangang pagdating ko d’yan, makaalis tayo kaagad,” ani Samuel sa kausap niya sa cellphone. “Pakitawagan na rin si Dr. Suarez.”

Si Gerald ang kapitan ng yate na pagmamay-ari niya.

“Opo, Sir,” sagot ng lalaki sa kabilang linya. Pagkatapos ng pag-uusap na iyon ay pinindot na niya ang ‘end’ button ng aparato. Inayos niya ang ulo ng babae sa headrest ng sandalan ng front passenger seat pagka-recline sa upuan upang nakahiga ang posisyon nito. Muli niyang binuhay ang makina ng kotse, at pinaandar iyon.

Pinakiramdaman niya ang walang malay-tao na dalaga. Nag-aalala siyang baka mahulog ito sa

backseat kanina kaya inilipat niya ito sa kanyang tabi.

Nakakaawa ang hitsura nito dahil sa dami ng mga sugat na natamo nito sa katawan. Kailangan niyang matulungan ito kaagad bago pa man may malubhang mangyari rito.

Gusto niya sanang dalhin muna ito sa hospital pero naisip niyang baka maabutan sila ng kapatid kapag naantala pa sila ng pagpunta sa ospital. Pakikiusapan na lang niya ang kaibigang doktor na tingnan ang dalaga bago pa sila makapaglayag.

Kapag naiisip niyang ang kapatid ang may kagagawan ng nangyari sa babae ay napapamura siya sa galit. Kahit kailan ay wala talagang ginawang mabuti ang lalaking iyon.

Simula nang matanggap ng kapatid niya ang mana nito, nagkani-kanya na sila ng pamumuhay. Mas ginusto niyang manatili sa *Isla Puting Bato*. At minsanan lamang siyang magtungo ng Maynila.

Ang kapatid naman niya ay kilala bilang isang mayamang negosyante. Madalas makita ang mukha nito sa mga business and society pages ng diyaryo. Pero lingid sa kaalaman ng lahat ang kasamaang taglay sa pagkatao nito. Nobody knew how shrewd

his brother could be. At hindi rin ito titigil hangga't hindi nakukuha ang anumang nagustuhan nito. Kesyo gumastos ito nang malaki o may ibang taong masagasaan, gagawin nito ang anumang naisin.

Pagdating ni Samuel sa pantalan ay dali-dali niyang binuhat ang wala pa ring malay-tao na dalaga papasok sa loob ng yate. Naghihintay na ang kaibigan niyang doktor sa isa sa mga cabins doon. Kaagad nitong sinuri ang dalaga. Nang masigurong wala namang anumang pinsala sa babae, at maibilin na malinisan ang mga sugat nito, ipinahatid na niya ito sa isang tauhan sa ospital kung saan ito patungo. May emergency di-umano kaya kailangan na nitong umalis. Ni-suggest ni Samuel na siya na lamang ang maglinis ng sugat ng babae para hindi matagalan ang doktor sa pagpunta sa ospital.

Ibinilin na rin niya sa tauhan na dalhin ang kotse sa kanyang condo sa Makati. Saka lamang sila nagsimulang maglayag.

Sinabihan niya si Gerald na aalis na sila at pagkatapos ay tinungo ang cabin kung saan naroon ang dalaga.

Noon lamang niya natitigan nang husto ang

mukha ng estranghera. She looked so delicately beautiful kahit madumi ang anyo nito.

Kumuha siya ng malinis na bimpo at nagtungo sa loob ng banyo. Naglagay siya ng tubig sa palangganita at dinala iyon pabalik sa kama. Hinila niya ang maliit na silya palapit sa tabi ng kama at ipinatong doon ang dala.

Nag-alangan siya nang ilang saglit kung huhubaran ng damit ang dalaga. Pero naisip niya na maaaring may sugat ito sa bandang tiyan dahil may bahagyang punit ang damit nito sa bahaging iyon.

Huminga siya nang malalim bago iniangat ang laylayan ng damit nito saka hinubad pataas sa ulo. Napahugot siya ng hininga nang tumambad sa mga mata niya ang magandang hubog ng katawan nito. The woman looked gorgeous in her black lacy underwear. Kaagad niyang naramdaman ang pag-iinit ng katawan.

“God, this is crazy!” naiiling na bulong ni Samuel sa sarili. Ilang beses siyang lumunok at huminga nang malalim upang payapain ang sarili.

Dahan-dahan niyang pinunasan ang katawan ng dalaga at pagkatapos ay nilinis ng alcohol ang mga sugat nito bago nilagyan ng *Betadine*. Tinanggal

niya ang maliliit na bato at lupa na nakapasok sa loob ng sugat nito sa paa.

Napapatiim-bagang siya kapag naiisip na ang kapatid ang sanhi kung bakit nangyari ito sa babae.

Nang matapos, kinumutan niya ito hanggang dibdib. The woman looked like an angel in her sleep.

Niligpit niya ang mga kalat at dinala pabalik sa banyo ang mga ginamit. Pagkatapos titigan muli ang babaeng natutulog, lumabas na siya ng cabin.

“Mga hunghang! Puro kayo walang silbi!” Nanggagalaiti ang amo ng tatlong lalaki nang ibalita ng mga ito ang nangyari sa dalagang bihag nila. Naroon sila sa library ng resthouse.

Para siyang tigreng nagwawala sa galit at kulang na lang ay lamunin sila nang buhay dahil sa kapabayaang nila. Lalo pa niyang ikinainis ang katotohanang ang kapatid ang may dala ngayon sa babae. Kilala niya si Samuel, kontrabida ito noon pa man sa kanyang mga balak.

“Alam n’yo ba na lalo n’yo lamang pinalala ang problema ko?” Isa-isa niyang pinagbabatukan ang mga ito.

Hindi makaangal sina Mario, Gaspar at Douglas. Nanatili lamang silang tahimik habang nakayuko ang mga ulo. Nakahanda silang tanggapin kung anuman ang parusang ipapataw sa kanila ng amo dahil alam nilang may karapatan itong gawin iyon. Kasalanan talaga nila kaya nakatakas ang babae.

Pero malay ba nilang ganoon katapang at kalakas ang babaeng iyon? Akala nila ay ito ang tipong mag-iiyak na lang sa isang tabi, gaya ng marahil ay gagawin ng karaniwang babae. Nagkamali sila ng akala sa Kirsten Fontanna na iyon.

“Ano’ng gusto n’yong gawin ko sa inyo ngayon?” galit na singhal ng amo. “Pagbabarilin ko na lang kaya kaya isa-isa?”

Binunot niya ang kalibre .45 na nakasuksok sa tagiliran at tinutukan sila.

“Boss... maawa po kayo sa amin, patawarin n’yo na po kami,” magkakapanabay na pagmamakaawa nila, halos umiiyak na. Subalit parang bingi siya at walang naririnig. Nanginginig pa rin siya sa sobrang galit. Napaluhod sila sa pagmamakaawa, subalit umalingawngaw ang isang putok ng baril.

Biglang natahimik ang tatlong tauhan at mariing napapikit. Pinakiramdaman nila kung sino sa kanila

ang tinamaan at matutumba sa sahig.

“Sa susunod na magkamali kayo ay hindi na dingding ang babarilin ko kundi ’yang mga ulo n’yo na. Naiintindihan n’yo?” aniya.

Pare-parehong nakahinga nang malalim sina Mario, Gaspar at Douglas dahil akala nila ay katapusan na nila. “Salamat po, Bossing.”

“Sige, magsitayo na kayo riyan at baka magbago pa ang isip ko’t tutuluyan ko na talaga kayo!” utos niya. Dali-daling nagsitayo ang mga tauhan. “Magsialis na kayo sa harapan ko at huwag na huwag kayong lalapit sa akin hangga’t di ko kayo tinatawag.”

“Opo, Boss.”

Pagkatapos ay nagmamadali silang lumabas ng library. Naiwan ang amo nilang nagngingitngit pa rin sa galit.

“Bullsh*t!” galit na usal niya na sinuntok ng isang kamao ang ibabaw ng mesa sa loob ng library.

3

Pagod na siya sa katatakbo ay hindi pa rin siya tinitigilan ng tatlong lalaki na humahabol sa kanya. Walang ilaw ang daan na tinatahak niya, tanging ang buwan ang nagbibigay-liwanag sa buong paligid.

“Tigil!” sigaw ng isa sa tatlong lalaking sumusunod sa kanya. Hindi niya mawari kung bakit siya hinahabol ng mga ito, basta ang alam lang niya ay hindi siya dapat mahuli.

Sa di-kalayuan ay may nakita siyang kotse na nakaparada. Kahit napapagod na siya, pinilit niyang makaabot sa sasakyang iyon para makahingi ng saklolo. Kumatok siya nang kumatok sa salamin sa tapat ng passenger seat at nagsisigaw.

“Saklolo! Tulungan n’yo po ako!” Subalit biglang may dumaklot ng baywang niya. Napahiyaw siya nang malakas.

Humihingal na nagising si Kirsten dahil sa bangungot. Lumulusot mula sa nakabukas na bintana ang sinag ng araw. Nalalanghap niya ang sariwang hangin na pumapasok mula rin doon.

Natilihan siya, kaagad kinabahan.

Nasaan ako? tanong niya sa sarili. Bumalik sa kanyang dibdib ang takot. Nahuli rin kaya siya ng mga lalaking humahabol sa kanya?

Napabangon siya nang marahas. Para lang muling mapahiga nang makaramdam ng kirot. Napapangiwi siya sa sakit sa tuwing magpipilit siyang kumilos. Nananakit ang buo niyang katawan at hindi niya iyon halos maigalaw. Nararamdaman din niya ang hapdi na nagmumula sa mga sugat niya sa paa.

Kahit medyo nangangalay na, pinilit na lang niyang huwag kumilos. Ang ulo lamang niya ang malaya niyang naigagalaw. Inililibot niya ang kanyang paningin sa loob ng silid na kinaroroonan.

Hindi iyon ang silid na pinagdalan sa kanya ng mga lalaking dumukot sa kanya. Napaka-feminine ng disenyo niyon. Maging ang kulay ng wallpapers na nakadikit sa dingding ay pambabae rin, pati na ang mga gamit nito sa loob.

Sino ang nagdala sa kanya roon? Hindi kaya nasa ibang kuwarto lamang siya pero bahay pa rin iyon ng nang-kidnap sa kanya? Sinalakay siya ng takot. Kung sana ay hindi nananakit ang mga

kalamnan niya, baka naghanap na siya ng posibleng daanan para makatakas.

Mayamaya ay bumukas ang pinto ng kuwarto. Pumasok sa loob ang isang matandang babae na may dalang tray ng pagkain. Tumingin ito sa kanya at napangiti nang makitang gising na siya.

“Magandang umaga sa ’yo, hija,” bati nito.

Bahagyang nawala ang kaba ni Kirsten. Mukha namang mabait ang matanda. Inilapag nito sa ibabaw ng bedside table ang tray na dala. Lumapit ito sa kama at umupo sa tabi niya.

“Mabuti naman at nagising ka na. Kumusta na ang pakiramdam mo?” masuyong tanong nito.

“Masakit po ang buong katawanko at nahihirapan po akong gumalaw,” tugon niya. Napapangiwi siya sa sakit nang sinubukan niyang kumilos.

“O, huwag mo nang subukang gumalaw at baka dumugo ’yang mga sugat mo,” pigil nito. “Puro sugat at pasa kasi ang katawan mo kaya nananakit.”

“Sino po kayo? At saang lugar po ako naroroon? Paano po ako nakarating dito?” sunud-sunod na tanong niya.

Muli itong ngumiti. “Ako si Nanay Sofia.

Mayordoma ako dito sa malaking bahay. Narito ka sa *Isla Puting Bato*. Si Samuel ang nagdala sa 'yo dito. Nawalan ka raw ng malay sa kalsada.”

“S-sino pong S-Samuel?” For the nth time ay kinabahan siya.

“Siya ang may-ari nitong bahay. Siya ang nakakita sa 'yo kaninang madaling-araw. Muntikan ka na raw niyang mabunggo sa gitna ng daan. Inilayo ka raw niya mula sa lalaking humahabol sa 'yo,” salaysay ng matanda.

Saka lamang naalala ni Kirsten ang buong pangyayari. Hinarang niya ang isang kotseng paparating. Marahil ang Samuel na iyon ang may-ari ng sasakyan.

Thank You, God... Nangilid ang luha niya, kung nagkataon baka napahamak na siya.

Napansin ni Nanay Sofia ang pananahimik niya. Umupo ito sa gilid ng kanyang kama at banayad na hinawakan siya nito sa kamay.

“Huwag kang mag-alala, ligtas ka dito. Pagmamay-ari ni Samuel ang lugar na ito kaya wala kang dapat ikabahala. Walang magtatangka nang masama sa 'yo dito kaya ipanatag mo ang loob mo.”

Tumango si Kirsten. Ikinurap niya ang mga mata. “Maraming salamat po sa inyo.”

“Naku! ’Wag mo nang isipin ’yon, hija. Ang mahalaga ay ligtas ka. Halika’t tutulungan kitang makabangon para makakain ka na ng agahan. Siguradong kumakalam na ang tiyan mo.”

Inalalayan siya nito sa pagbangon at isinandal sa headboard ng kama.

“Heto, kainin mo itong sopas na niluto ko para sa iyo.” Inabot nito ang mangkok na nasa tray.

Si Nanay Sofia na ang nagsubo sa kanya para makakain siya nang maayos.

“Maraming salamat po...” aniya, matapos maubos ang sopas. Noon lang niya na-realize kung gaano siya kagutom.

Ngumiti ito. “Magpahinga ka na ulit para lumakas ka kaagad. Ano nga pala ang pangalan mo?”

“Kirsten po... Kirsten Fontanna.”

“Napakagandang pangalan, bagay na bagay sa ’yo. Napakaganda mo rin,” turan ng matanda.

Napangiti na rin siya sa papuri nito sa kanya.

“Maraming salamat po.”

“O, siya, maiwan na muna kita rito. Mayroon pa kasi akong kailangang gawin sa kusina.” Bago ito umalis ay inalalayan muna siya nitong muling makahiga sa kama. “Matulog ka na ulit. Ipag-aakyat na lang kita ng tanghalian dito mamaya,” sabi nito saka lumabas ng silid.

“Sige, Tatay Pedring, maiwan ko na muna kayo dito, tutal mukhang maayos na naman ang kalagayan ni Bandit,” tukoy niya sa kanyang kabayo. “Basta ’wag n’yo lang kalilimutang painumin siya ng gamot para tuluyan siyang gumaling,” bilin niya pa sa matandang katiwala.

“Ako na ang bahala dito, Samuel. Magpahinga ka na. Kanina ka pa rito sa kuwadra,” sagot nito.

Dahil sa tagal nitong naninilbihan sa kanila, nakasanayan na ni Tatay Pedring na tawagin siya sa first name lang. Parang kapamilya na rin ang turing niya rito.

“Sige ho, papasok na muna ako sa bahay.” Tumalikod na ang binata at binaybay ang daan patungo sa mansion.

Sa Piling Ng Estranghero - Carmen Mirafior

Ang totoo ay kanina pa niya gustong magpaalam sa matanda, dangan ay nahihiya siya rito. Pakiramdam niya ay pipikit na nang kusa ang mga mata niya sa sobrang antok.

Mula nang nakaraang gabi ay wala pa siyang tulog. Mag-uumaga na nang dumating sila sa isla at kaagad siyang pumunta sa kuwadra upang matingnan ang kalagayan ng kabayong nagkasakit.

Tinawagan siya ni Tatay Pedring noong nasa Maynila siya at sinabi nito na nanghihina si Bandit at nawawalan ng gana sa pagkain. Nagmadali siyang umuwi sa isla kahit na ang dapat sana ay kinabukasan na siya luluwas. Mabuti na lamang at di-gaanong malala ang sakit ng kabayo at naagapan kaagad ng gamot.

Mabigat ang kanyang pakiramdam, hindi na niya nakuhang magpahinga kanina sa yate dahil habang naglalayag sila ay ang kalagayan naman ng di-kilalang dalaga ang binantayan niya.

Tiningnan niya ang oras sa kanyang wristwatch; pasado alas onse na ng umaga. Mayroon pa siyang ilang oras na maitutulog.

Sinalubong ni Nanay Sofia si Samuel sa sala.

“Kumusta na si Bandit?” tanong ng mayordoma.

Lumapit ito sa kanya at kinuha ang hinubad niyang kamiseta na basang-basa na ng pawis.

“Okay naman ho, sabi ni Allan,” tukoy niya sa betenaryo. “Medyo bumaba na ang lagnat ni Bandit. Si Tatay Pedring na muna ang bahala sa kanya, magpapahinga lang po ako nang kaunti.”

“Gusto mo bang kumain muna bago magpahinga?”

“Sige ho. Maliligo muna ako bago kumain.” Tinungo niya ang hagdanan na paakyat sa second floor ng malaking bahay na kinaroroonan ng mga kuwarto.

“Ah, Samuel...” tawag-pansin ni Nanay Sofia sa kanya nang nasa paanan na siya ng hagdanan. Lumingon siya rito. “Gising na nga pala ang ating bisita at napakain ko na siya ng agahan.”

Kaagad bumaha ang concern sa mukha niya, nawala ang antok. “Kumusta na ang kalagayan niya, 'Nay?” tanong niya.

“Nanghihina pa siya at medyo nahihirapan siyang gumalaw dahil sa mga natamo niyang pasa at sugat sa katawan,” paliwanag nito.

Napatangu-tango siya.

“Kung gusto mo siyang kausapin ay maaari mo na siyang puntahan, malamang ay gising pa siya ngayon,” patuloy ng matanda.

“Sige ho.” Umakyat na siya ng hagdanan at tinungo ang silid kung saan naroon ang dalaga.

Dahan-dahan niyang pinihit ang seradura at maingat na binuksan ang pinto. Ayaw niyang makagawa ng ingay dahil baka muling natutulog ang babae. Ngunit nadatnan niyang gising ito at halatang nabigla nang makita siya.

“Hi!” nakangiting bati niya. She looked better ngayong gising na ito. May init na tumulay sa katawan niya sa nakitang ayos nito.

Magulo na ang mahabang buhok nito, may nangingitim na parte sa pisngi nito at may pasa sa bandang panga. But she still managed to look so pretty... and sexy.

Nawala ang kaliit-liitang pagod at antok sa katawan niya.

“How do you feel?” masuyong tanong niya habang pumapasok sa silid.

“Nananakit ang mga kalamnan ko,” nanghihinang tugon ng dalaga. Nakayuko ito na tila

hiyang-hiya na tingnan siya sa mga mata. Lihim niya iyong ikinangiti.

“Don’t worry, days from now you’ll feel better,” pang-aalo niya.

“Yeah, I hope so,” sagot nito. Itinaas nito ang mga mata sa kanya and their gazes met. He wasn’t sure, it could be just a product of his imagination, pero naramdaman niyang dumoble ang bilis ng tibok ng kanyang puso. “Are you Samuel?”

“Yes,” nakangiting tugon niya. Napakasarap pakinggan ng pagbanggit nito ng pangalan niya. “And you are...?”

“K-Kirsten... Kirsten Fontanna,” turan nito.

Tumangu-tango siya. “I’m Samuel Montejo.” Nais niya sanang hawakan ang mga kamay nito, pero napansin niyang namamaltos ang mga iyon. May awang lumukob sa puso niya. Nahuhulaan na kung gaanong kasakit iyon para sa dalaga. “Anyway, I just dropped by to check if you’re okay. I’ll just take a shower, I’ll be back. Amoy-kuwadra na kasi ako, nakakabahing na,” biro niya.

Napangiti si Kirsten sa huling sinabi niya. Suddenly, Samuel felt like the room became sunnier.

“Okay,” tugon nito.

Ayaw pa sana niyang umalis upang matitigan pa ito nang mas matagal. Pero alam niyang gagawin lang niyang katawa-tawa ang sarili. Atubiling lumabas siya ng silid ng babae at dumerecho sa kanyang kuwarto.

Nakapaligo na si Samuel nang muling pumasok sa silid ng dalaga. Preskong-presko itong tingnan sa suot nitong muscle-cut shirt at puting pants. Maayos na nakasuklay ang buhok at wala na rin ang stubbles na napansin niya kanina sa paligid ng bibig nito.

Hindi halos makuhang bawiin ni Kirsten ang paningin sa binata. He had that mesmeric appeal that she found irresistible.

And she wondered, why in heaven’s name was her heart beating so unsteadily each time their eyes met?

Hinila ng binata ang stool sa dresser patungo sa gilid ng kama at umupo roon. He rested his elbows on the side of the bed and leaned closer to her. Bahagyang nakaramdam ng pagkaasiwa ang dalaga sa closeness nilang iyon.

“Relax... I won't bite you,” he said, grinning. Napansin marahil nito ang pagiging uncomfortable niya. “Gusto lang kitang matitigan ulit sa malapitan.”

She felt her cheeks reddened. Tipid siyang ngumiti. “Thanks a lot for saving me,” she said sincerely as she gazed into his black, mysterious eyes. “Kung hindi ka siguro dumaan sa mga oras na 'yon, baka kung ano na ang nagawa nila sa akin.” Bahagya pa siyang kinilabutan sa alaalang iyon.

“Maybe it was God's will na mapadaan ako sa lugar na iyon nang oras na iyon. Galing ako ng Maynila at madalas talaga akong dumaan doon. Pero kagabi lang ako inabot ng ganoong oras sa daan. Dapat kaninang umaga pa lang ako uuwi. Pero nagkaproblema kaya napilitan akong lumuwas kahit gabing-gabi na.”

What a coincidence! she wanted to say. Lucky her...

“Thank you talaga...” Bahagyang nabasag ang tinig niya. May namuong luha sa kanyang mga mata.

Hindi niya maiwasang mapaiyak kapag naiisip kung ano ang posibleng nangyari sa kanya kung nagkataong hindi napadaan ang lalaki sa isolated road na iyon at tinulungan siya.

Sa Piling Ng Estranghero - Carmen Mirafior

“Care to tell me kung ano’ng nangyari at naroon ka sa lugar na iyon kagabi?” masuyong tanong nito.

Something in his eyes was telling Kirsten that she could trust him. She swallowed. Before she knew it, ikinukuwento na niya kay Samuel ang kanyang harrowing experience.

4

Bumalik sa isip ni Kirsten ang mga pangyayari a few days ago....

Kabababa pa lamang niya mula sa kotse ay sinalubong na siya ng kanyang ina na si Doña Consuelo. Masayang-masaya ito nang makita siyang muli.

Kararating lamang niya mula sa Amerika at ipinasundo siya ng kanyang ama sa NAIA. Nag-uumapaw sa kaligayahan ang puso ng dalaga nang muling masilayan ang kanyang ina. Sabik na sabik siyang makapiling itong muli kasama ang kanyang ama.

“Welcome home, hija!” masayang bati ng ginang. Napaluha ito sa sobrang kaligayahan nang muling nayakap ang pinakamamahal na anak.

Nag-iisang anak lamang si Kirsten at sa totoo lang, labag sa kalooban ng ginang na sa Amerika pa niya ipagpatuloy ang pag-aaral. Ayaw nitong maghiwalay sila. Pero mapilit ang kanyang ama, at sinang-ayunan naman niya iyon. Katuwiran ng dalaga, mas makakabuti iyon upang maging mas

mahusay siya sa larangang napili. She took up a pre-law course in *Harvard University* at balak niya sanang doon na mag-law proper kung hindi nagkasakit ang kanyang ama.

“Mama!” Hinalikan niya ito sa pisngi at buong higpit na niyakap. “I missed you a lot.”

“So am I, hija...” Lalong humigpit ang pagkakayakap nito sa kanya. Lihim siyang napailing nang marinig ang pagsinghot ng ina.

“Maligayang pagbabalik, anak!” ani Don Armando na nakasunod sa likuran ng asawa. Bakas sa mukha nito ang labis na kaligayahan.

“Papa!” Kumalas siya kay Doña Consuelo at yumakap sa ama. “I missed you. Hindi ba dapat hindi ka nagkikilos? Baka makasama sa ’yo.”

Hinagkan siya ng matandang lalaki sa noo at masuyong hinaplos ang kanyang buhok.

“I’m okay, hija. And I missed you, too,” bulong nito. “Kumusta ang biyahe? Medyo tumaba ka pero lalo kang gumanda, anak,” pansin nito sa kanyang hitsura.

Napangiti siya. “Si Papa, binobola ako.” Natawala lang ang ama. “Mabuti naman po ako. Kayo po?”

Kumusta ang health mo, Pa?”

“Lumakas ako ngayong nakita na kita uli.”

Nagkatawanan sila sa biro ni Don Armando.

“Halina kayo sa loob, doon na natin ituloy ang kuwentuhan,” aya ni Doña Consuelo sa mag-ama.

Mahigit limang taon ding nawalay sa piling ng mga magulang si Kirsten. Simula nang mag-aral siya ay hindi siya nagkaroon ng pagkakataong makapagbakasyon sa Pilipinas. Pinagtuunan niya nang husto ang pag-aaral.

Last year sila huling nagkita-kita. Dumalo ang mga ito sa kanyang graduation nang matapos niya ang degree sa Political Science.

Pero pagkatapos ng isang linggong pagbabakasyon sa Amerika ay umuwi kaagad ang mag-asawa para asikasuhin ang kanilang negosyo.

Nais sanang bumalik doon ng mga ito upang muli siyang bisitahin subalit hindi na nagawa. Inatake sa puso si Don Armando kaya hindi natuloy ang balak ng dalawang matanda.

Ang dalaga na lamang ang nagdesisyon na umuwi ng Pilipinas, tutal semestral break naman. Nais niya ring matingnan nang personal ang

kalagayan ng kanyang ama.

Nang mag-overseas call siya para ibalita ang pag-uwi ay laking-tuwa ng mga ito.

Magkakaakbay ang mag-anak habang papasok sa loob ng malaking bahay. Napansin ni Kirsten na walang ipinagbago ang dating ayos ng mga kagamitan nila sa sala.

Parang hindi lumipas ang ilang taon, sa loob-loob niya.

Naroon pa rin ang mga antigong gamit kagaya ng sala set na minana pa ng kanyang mama mula sa great-grandmother niya. Lagi pa ring may bagong pitas na mga rosas ang vase sa ibabaw ng center table. Nakasabit pa rin sa dingding ang dalawang antigong paintings.

Napangiti si Kirsten nang mapadako ang paningin niya sa family portrait na nakasabit sa itaas ng piano. Ang saya nilang tingnan sa larawang iyon.

Hinila siya ng kanyang ama paupo sa sofa habang si Doña Consuelo naman ay saglit na nagpaalam para ipahanda sa katulong ang kanilang tanghalian.

“Natutuwa kami, hija, dahil nakauwi ka after five years. Alam mo bang ipinagmamalaki ka namin

ni Mama mo sa lahat ng mga kakilala't kaibigan natin?"

Kumislap ang mga mata niya. "Talaga po?"

"Yes. And I told them na manang-mana ka sa 'kin," nakangising saad nito.

"Siyempre, kanino pa ba ako magmamana?" Napahagikgik siya.

"Sa akin," sabad ni Doña Consuelo. Kalalabas lamang nito mula sa kusina. Umupo ito sa tabi ni Kirsten at inakbayan ang dalaga.

"Well, hindi rin naman maikakailang namana ko kay Mama ang ganda ko. Tama, Papa?" nakangiting biro niya.

"Kunsabagay ay tama ka," sang-ayon ni Don Armando. "But I'm smarter than your mother, right?" Ngumisi ito sa asawa na tila tinutudyo ito.

Tumaas ang isang kilay ni Doña Consuelo. "Ang sabihin mo, Armando, ayaw mo lang na nasasapawan ka. Ang gusto mo'y palagi kang lamang," ismid nito.

Napatawa nang malakas ang don. Maging si Kirsten ay nahawa na rin sa mga magulang.

"Tama na muna ang kuwentuhan, halina kayo sa

komedor at nakahanda na ang pagkain. Pagkatapos ay magpahinga ka muna, hija. I'm sure napagod ka sa biyahe," suhestyon ni Doña Consuelo.

"Sige po," sagot niya.

Sabay na tumayo ang mag-anak upang magtungo sa komedor nang biglang tumunog ang cellphone ni Don Armando.

"Sige, mauna na kayo't susunod din ako. Sasagutin ko lang 'tong tawag," anang don.

Tumalikod na ang mag-ina at nagtungo sa komedor.

"Sino ang tumawag sa 'yo, Armando?" tanong ni Doña Consuelo.

Seryoso ang anyo ni Don Armando nang dumulog sa mesa. "Si Mr. Salazar. Gusto niyang makipag-usap sa 'kin bukas," tugon nito.

"Bakit daw?" tanong ng asawa. Kababakasan ng pag-aalala ang mukha nito. At hindi iyon nakatakas sa obserbasyon ni Kirsten.

"Why, Ma, is there something wrong?" nagtatakang tanong niya.

Pilit na ngumiti si Doña Consuelo. “Oh, it’s nothing, hija. Sige na, ipagpatuloy mo ang pagkain mo.”

Pagkatapos ay namayani ang katahimikan, tanging ang mga kalansing ng mga kutsara’t tinidor ang maririnig. Habang kumakain ay panaka-nakang sinusulyapan niya ang mga magulang. Nagdududa siya sa biglaang pagbabago ng expression sa mukha ng mga ito. Alam niyang may itinatago ang mag-asawa sa kanya. Inisip na lang niya na hindi pa marahil handa ang mga ito na ipaalam iyon sa kanya.

Kinabukasan ay maagang nagising si Kirsten. Tiningnan niya ang oras sa kanyang alarm clock: mag-a-alas-seis ng umaga. Pinilit niyang makatulog ulit, pero hindi na siya dalawin ng antok. Nagpasya na lamang siyang bumangon para mamasyal sa labas ng bahay. Nag-inat-inat siya bago bumaba ng kama. Kumuha siya ng tuwalya saka pumasok sa loob ng banyo.

Pagkatapos mag-shower at mag-ayos, lumabas na siya ng silid. Pagbaba niya ng sala, nasamyong niya ang aroma ng freshly baked chocolate cookies. Nakakasiguro siyang si Doña Consuelo ang nagluto ng mga iyon kaya kaagad siyang dumerecho ng

kusina. Nadatnan niya ang kanyang ina na nagsasalin ng mainit na tsokolate sa mug.

“Mmm... mukhang masarap iyan, ah,” nakangiting sabi niya. Pumuwesto siya sa isang silya sa kitchen counter.

“Good morning, hija!” bati nito. “Ipaghahanda na kita ng almusal. Bakit bumangon ka agad?” Kumuha ito ng plato at inilipat mula sa cooling racks ang mga bagong lutong cookies.

“Maglilibot ako sa labas, Ma. Na-miss ko nang husto itong lugar natin.” Kumuha siya ng isang cookie mula sa plato.

Ngumiti ito. “O, sige, kumain ka na, alam kong paborito mo ’yan kaya maaga kitang ipinagluto. Inumin mo rin ’tong chocolate habang mainit pa.” Iniabot nito sa kanya ang isang mug, pagkuwa’y naupo sa silyang katabi niya.

“Thanks, Ma.” Dinala niya sa bibig ang malaking tasa ng hot chocolate. “Mmm... this one’s really good,” nasisiyahang komento niya.

Napangiti rin si Doña Consuelo habang pinapanood siyang kumain.

“Si Papa nga pala, Ma, anong oras aalis?”

mayamaya ay tanong ng dalaga.

“Nagpapagising siya ng alas siete, hindi naman niya binanggit kung anong oras siya aalis.”

Tumangu-tango lamang siya. “Maiba po tayo, Ma, sino nga pala si Mr. Salazar?” usisa niya.

Natigilan ito. “Bakit mo naitanong? It’s not i-important.”

Sumulyap siya rito. “I just wondered why you looked so worried when you heard na gusto niyang makipag-usap kay Papa. Bakit, Ma, may atraso po ba kayo sa kanya?”

“Ano ba’ng sinasabi mo, hija? Siyempre wala,” kaila nito.

Sa pandinig ni Kirsten, defensive ang tono ng ina.

“Then, why do you sound so worried? May problema po ba?” pangungulit niya.

“Ubusin mo na ’yang almusal mo’t gigisingin ko muna ang iyong papa,” iwas ng doña. Tumayo ito mula sa upuan at akmang lalabas ng kusina.

“Pero, Ma, hindi n’yo pa sinasagot ang tanong ko...”

“Saka na lang tayo mag-usap tungkol d’yan, okay? Sige, maiwan muna kita.”

Pagkasabi niyon ay tumalikod na ang ginang at lumabas ng kusina. Napahugot na lamang ng malalim na hininga si Kirsten.

Naguguluhan siya sa mga ikinikilos ng kanyang mga magulang. Sigurado siyang may itinatago ang mga ito sa kanya. Ang hindi niya maintindihan ay kung bakit ayaw ipaalam iyon sa kanya. Kahit kailan, they had always been a very close family. Wala itinago ang dalawang matanda sa kanya kaya naman ganoon din siya sa mga ito.

Napailing siya. She was sure they would tell her about it in due time. In their own good time. Wala siyang magagawa kundi maghintay sa panahong iyon.

Tinapos na lamang niya ang kanyang almusal at pagkatapos ay lumabas ng bahay para mamasyal.

Pasado alas nueve na ng umaga nang makabalik si Kirsten sa kanilang bahay. Nadatnan niyang nakaparada ang isang itim na *Mercedes-Benz* sa labas ng gate nila. Hindi niya matantya kung may tao sa loob ng sasakyan o wala dahil tinted ang salamin

niyon. She wondered kung sino ang bisita nila.

Pagpasok niya sa gate ay nakita niyang nasa garahe pa rin ang kotse ng kanyang ama. Ibig sabihin, hindi pa ito umaalis ng bahay.

Pero di ba dapat ay makikipagkita siya kay Mr. Salazar? Bakit nandirito pa siya? nagtataakang tanong niya sa isip.

Nagmamadali siyang pumasok sa loob ng bahay. Sa sala ay nakasalubong niya si Aling Bebang, ang matanda nilang katulong, na may dala-dalang tray na walang laman.

“Aling Bebang, nasaan ho si Papa?”

“Nasa library kasama si Doña Consuelo, meron silang kausap ng bisita.”

“Sino’ng bisita?” usisa niya.

“Si Mr. Salazar yata, kasi ’yon ang dinig kong tawag ni Don Armando sa bisita nila.”

Saglit siyang natigilan. “Gan’un ho ba? Sige, salamat, Aling Bebang.”

“Sige, nandoon lang ako sa kusina kung sakaling may kailangan ka.” Tumulikod na ang matandang katulong at dumerecho sa kusina.

Bago siya umakyat sa kanyang kuwarto para maligo ay tinitigan muna niya ang nakasarang pinto ng library.

Ano kaya ang pinag-uusapan ng tatlo sa loob at parang kinakabahan ang kanyang magulang na banggitin iyon sa kanya? Sino ba talaga si Mr. Salazar na ito? Ano ang kailangan nito sa mga magulang niya?

Hindi na inabutan ni Kirsten si Mr. Salazar. Nakaalis na ito bago pa man siya natapos sa pagbibihis. Tanging si Don Armando ang inabutan niya sa sala.

“Pa!” tawag-pansin niya rito. Napalingon sa kanya ang ama na nakaupo sa sofa.

“Hija! Nandiyan ka pala. Sorry at hindi kita agad napansin.”

“It’s all right, Pa, kababa ko lang.” Lumakad siya papalapit dito. “Si Mama, nasaan?” tanong niya nang makalapit sa matandang lalaki at humalik sa pisngi nito.

Napangiti si Don Armando, gustung-gusto nito ang pagiging sweet at malambing ng unica hija.

“Nasa library siya. Nag-breakfast ka na ba?”
masuyong tanong nito at inakbayan ang dalaga.

“Yeah. Si Mama ang naghanda ng almusal ko kanina,” nakangiting tugon niya. “Nakaalis na pala ang bisita n’yo?” pasimpleng tanong niya.

“O-oo, may meeting pa raw kasi siyang dadaluhan.”

“Sayang at hindi ko man lang siya nakilala. Si Mr. Salazar ’yon, Pa, hindi ba?”

“Halika sa loob ng library at may mahalaga tayong pag-uusapan.” Kinabahan siya sa seryosong tono ng boses nito.

Magkasabay silang pumasok sa loob. Naabutan nila si Doña Consuelo na tahimik na nakaupo sa isang silya sa harap ng mesa ni Don Armando. Namumugto ang mga mata nito na tila kanina pa nag-iiyak.

Kaagad na nilapitan ni Kirsten ang ina. Umupo siya sa tabi nito at inakbayan. Kitang-kita niya sa mukha nito ang labis na kalungkutan at pag-aalala.

“Ma, bakit? Ba’t ka umiiyak?” nag-aalalang tanong niya.

Tumingin sa kanya ang ginang at pilit na ngumiti

sa kanya. “Huwag mo ’kong alalahanin, hija, okay lang ako...”

Hinawakan siya nito sa kamay at marahang pinisil iyon.

“Pero bakit po kayo umiiyak? May problema po ba?”

“Wala, hija,” kaila ng ina, umiwas ito ng tingin sa kanya.

“Wala?” Kumunot nang bahagya ang noo ni Kirsten. “Kung wala kayong problema, eh, bakit nagkakaganyan kayo?” Tumingin siya sa ama na noon ay walang-imik at nakaharap sa bintana. “Bakit ba ayaw n’yong sabihin sa ’kin ang totoo? Alam kong sa umpisa pa lang, mula nang umuwi ako kahapon, ay may nangyayari na dito na hindi ko alam and I want to know what it is.”

“Patawarin mo kami, anak, kung matagal naming inilihim sa ’yo ang totoo,” ani Don Armando nang humarap na sa kanya. “Hindi naman kasi namin inakala na hahantong sa ganito ang lahat.” Bakas sa boses nito ang paghihirap ng kalooban.

“Ano ba talaga ’yon, Papa?” usisa ng anak.

Nagpakawala ito ng marahas na paghinga bago

nagsalita, “Nagkautang kami ng malaking halaga kay Mr. Salazar. Hindi namin sinabi sa ’yo noon dahil ayaw naming maapektuhan ang pag-aaral mo. Inakala kasi naming mababayaran namin iyon kaagad, pero nagkamali kami.”

“Paano kayo nagkautang sa kanya, Papa?” di-makapaniwala niyang tanong.

“Hindi naman lingid sa ’yo na tanging ang textile company na lamang ang natira sa mga negosyo natin.” Mula nang magkasakit ang kanyang ama, at naging madalas ang pagpapaospital dito, nagsimulang malugi ang mga negosyo nila. “Pero hindi namin sinabi sa ’yo na unti-unti na rin itong nalulugi. Natakot kami ng mama mo na magsara ang kompanya natin kaya nagpasya kaming humiram ng pera para maiahon mula sa pagkalugi ang ating negosyo.

“Si Mr. Salazar ay isa sa pinakamayayamang negosyante sa bansa. Noong malaman niya na nalulugi na ang kompanya natin ay nag-alok siya ng tulong. Pinahiram niya kami nang walang interes. Napagkasunduan naming babayaran namin siya sa loob ng tatlong taon. Ang textile company ang ginawa naming collateral,” salaysay ni Don Armando.

“Magkano ba ang inutang n’yo sa kanya, Papa?”

“Limang milyon.”

Napanganga si Kirsten. “Five million!” bulalas niya.

Malungkot na tumango ang matandang lalaki.

“Hindi n’yo ba naisip na mahina na ang textile company at mahihirapan kayong magbayad ng gan’on kalaking halaga sa loob lamang ng ganoon kaiksing panahon?”

“Alam namin ’yon, hija. Pero wala na kaming mapagpipilian kaya ginawa namin ’yon. Ayaw naming tuluyang mawala ang negosyo natin,” katuwiran ni Doña Consuelo.

“At inilihim n’yo sa ’kin ang problemang ’to?” hinanakit niya. Kung alam lang niyang may ganoon silang problema, umuwi na sana siya kaagad at dito na lang sa Pilipinas ipinagpatuloy ang pag-aaral.

“I’m sorry, Kirsten. Ayaw lang talaga naming maapektuhan ka lalung-lalo na ang pag-aaral mo,” anang ginang, bakas ang matinding lungkot sa anyo.

“So magkano na ang nabayaran ninyo sa ngayon?”

“Five hundred thousand pa lang.”

Napatapik siya sa noo. Four point five million pa ang kailangan nilang bayaran. “So, ano na ngayon ang mangyayari? Tapos na ba ang palugit?” sunod-sunod niyang tanong.

Wala siyang nakuhang sagot mula sa dalawang kausap. Ang ama ay nakatingin lamang sa labas ng bintana samantalang si Doña Consuelo naman ay tila wala sa sarili, dala ng malalim na iniisip.

Humarap sa kanila si Don Armando. Huminga muna ito nang malalim bago nagsalita, “Natapos na ang palugit niya six months ago.”

Maang na napatingin siya sa mga ito. “Kukuhanin na niya ang *AF Textile*?”

Umiling ang kanyang ama. “Hindi kaagad. Binigyan niya kami ng dalawang options.” Huminga muna ito bago nagpatuloy, “Ang una ay bibigyan niya kami ng tatlong buwang extension at pagkatapos niyon, kung hindi pa kami makabayad, mawawala sa atin ang kompanya.”

Napailing si Kirsten. Alam niyang napakaliit ng posibilidad para magawa nilang makalipon ng kulang limang milyon sa loob lamang ng tatlong buwan. Kung sa tatlong taon nga, nahirapan ang mga ito. “Ano iyong isa pang option?”

“Gusto niyang...” Hindi nito matapus-tapos ang sinasabi. Parang batong bumabara sa lalamunan nito ang susunod na sasabihin.

“Ano, Papa?” she asked impatiently.

“Norman wants you, Kirsten,” he finally said.

“What!” gulat na bulalas niya. “Binibiro n’yo ba ako?”

Malungkot na umiling ang kanyang ama. “I’m so sorry, hija.” Ikinuwento nito kung paanong nagkaroon ng interes sa kanya si Norman Salazar, matapos makita ang picture niya. Bakas sa mukha ng matandang lalaki ang paghihirap ng kalooban nang matapos magsalaysay.

“Oh, God!” Sinapo ng dalaga ang mukha at humagulhol ng iyak.

Niyakap ni Doña Consuelo ang anak, hindi rin nito mapigilan ang sariling pagluha. She cuddled her and rocked her gently.

Ang pag-aalala sa mukha ni Kirsten ay lalong nagpapahirap sa kalooban ng kanyang ama. Alam nitong bilang haligi ng tahanan, ito ang dapat gumawa ng paraan. Pero wala ito kahit maliit na ideya kung ano ang pinakamabuting gawin.

“Patawarin mo kami, anak,” nanlulumong sabi ni Don Armando.

Tumigil sa pag-iyak ang dalaga. Kumalas siya mula sa pagkakayakap ng ina at umayos ng upo. Pinunasan niya ng palad ang luha sa mga mata at sumandal sa upuan.

“I’ll talk to him, Pa,” seryosong pahayag niya.

Napatingin sa kanya ang mag-asawa.

“There’s no use, hija. Buo na ang pasya ni Mr. Salazar, at wala na tayong magagawa kundi ang mamili alinman sa dalawang options,” ani Don Armando.

“Pero ayokong matali sa taong ni hindi ko kilala, Papa!”

Tumango lamang ang don bilang pagsang-ayon. “I guess we’ll take the first option.”

Saka lang nakahinga nang maluwag si Kirsten.